

ULAT NG INSIDENTE  
ng Dibisyon ng Pagsunod at Pagpapatupad  
Pebrero 1, 2025  
Refinery ng Martinez Refining Company (MRC), Site # A0011  
3485 Pacheco Boulevard Martinez, California

Bandang 10:45 a.m., natanggap ng Distrito ng Hangin ng Bay Area (Distrito ng Hangin) ang unang reklamo rito tungkol sa amoy ng langis sa isang refinery sa Martinez CA. May natanggap na pangalawang reklamo sa amoy noong 11:56 a.m., na naghihinala sa Martinez Refining Company. Noong 1:05 p.m., nakatanggap ng pangatlong reklamo sa amoy ang Distrito ng Hangin, na nagsasabing may amoy langis at gasolina. Noong 1:45 p.m, nagsimula na ang Distrito ng Hangin ng pagtugon sa insidente sa mga reklamong ito. Noong 1:49 p.m., nakatanggap ang Distrito ng Hangin ng Level 2 na alerto mula sa Sistema ng Babala sa Komunidad (Community Warning System, CWS) ng County ng Contra Costa na inihain ng MRC kaugnay ng isang sunog sa lugar para sa Light Oil Processing (LOP) ng refinery. Nakipag-ugnayan ang Distrito ng Hangin sa MRC at nagpapunta ito ng mga staff sa lugar para tasahin ang sitwasyon. Napag-alamang may malaking sunog sa LOP at mayroon ding flaring.



Ang mga staff para sa pagtugon sa insidente ay dumating sa lugar bandang 2:20 p.m., at nakita nilang may malaking itim na plume at apoy mula sa apektadong unit para sa pagpoproseso. May mga nakitang emisyon na higit pa sa mga pamantayan ng Regulasyon 6, Panuntunan 1 ng Distrito ng Hangin. 5-15 mph ang hangin mula sa timog sa oras na iyon. Nakikipag-ugnayan ang mga staff ng Distrito ng Hangin sa MRC at Departamento ng Kalusugan ng County ng Contra Costa sa kabuuan ng nasabing pangyayari.

Bandang 5:00 p.m., itinaas sa Level 3 ng Kalusugan sa County ng Contra Costa ang Level 2 ng CWS. Pagsapit ng 7:30 p.m., 30 reklamo na mula sa komunidad ang natanggap at sinagot ng Distrito ng Hangin na nagsasabing may mga amoy at usok na nauugnay sa insidente. Ayon sa mga ulat sa ngayon mula sa refinery, isolated ang source ng fuel para sa sunog, at maituturing na maliit lang ang sunog. Inaasahang mananatiling mula sa timog ang hangin sa buong gabi.

Tuluy-tuloy pa ang imbestigasyon ng Distrito ng Hangin sa pangyayaring ito, at magbibigay kami ng mga karagdagang update kapag mayroon nang higit pang impormasyon.